**Pamagat**: Mga Kasamaang Dapat Iwasan at Mga Kabutihang Dapat Tuluran

**Texto**: 3 John 11 "Beloved, follow not that which is evil, but that which is good. He that doeth good is of God: but he that doeth evil hath not seen God."

*Pagsasalin*: Minamahal, huwag ninyong tularan ang masama kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay mula sa Diyos ngunit ang gumagawa ng masama ay hindi pa nakakita sa Diyos.

**Panimula**:

1. Apat na beses tinawag ni Juan si Gaius na "minamahal" (vv. 1,2,5,11).
2. Nais ni Juan na magbigay ng babala kay Gaius na huwag gayahin ang masama.
3. Ito ay ang mga bagay na dapat nating bigyan pansin upan maging masagana ang ating pakikiisa sa Panginoong Jesus.

.

I. **Ang Tukso ng Kasamaan**

A. (2 Corinthians 11:14 "At hindi nakapagtataka! Sapagkat maging si Satanas man ay *nagpapanggap** na anghel ng liwanag." [nagpapakunwari; nag-aanyao; nagkukunwari]

B. Pero ang kanyang layunin ay sirain ang ating buhay. (Jn. 10:10)

C. Kung tayo ay ligtas na, hindi niya maaring dalhin ang ating kaluluwa sa impyerno, pero maari niya tayong gawing walang saysay o Christiano na walang epekto, at malungkot o nagyayamot na Christiano.

D. Hindi siya dumarating sa atin na ipinapakita niya ang kanyang mga sungay at buntot, pero nagpapanggap siya ng isang anyo na maayang. Inilalagay niya sa atin na siya ang Dios, at hindi natin maaring pagkatiwalaan ang Dios sa lahat ng mga bahagi ng ating buhay. (2 Cor. 4:4 – siya nga ang diyos-diyosan ng sanlibutang ito).

E. Kapag nakikinag ka sa iba maliban sa salita ng Dios, tiyak na ikaw ay malilinlang.

II. **Ano ang mga Kasamaan na Dapat Iwasan**

A. Ang emotional na desisyon ay madalas na humahantong sa kamalian. Si Diotrephes ay kontrolado ng kanyang pride. Lahat ng desisyon niya ay base dito. (Dapat ang salita ng Dios ang maging basehan ng ating mga desisyon). [John 15:7]

B. Ang maling payo galing sa tao na palaging sumasangayon sa akin. Walang duda na si Diotrephes ay nagbigay ng mga maling payo sa kanyang iglesia. Nawa matutunan natin na itimbang ang payo ng tao sa salita ng Dios. [Proverbs 3:5-7] {mga kaibigan, popularity, even kapamilya ay hindi agad nangangahulugan na tama o wasto ang kanilang payo}

III. **Ano ang mga Kabutihan na Dapat Tularan o Sundin**

A. "Ang gumagawa ng mabuti" – siya ay yun gumagawa ng mabuti sa kapwa at lalo na sa kapatiran. (tulad ng ginawa ni Gaius, v.5-6). Pagiging matulungin.

B. Ang gumagawa ng mabuti ay "mula sa Dios." – dahil ang kabutihan na nagagawa natin ay dulot lamang ng grasya ng Panginoon.

C. May proteksyon ang lahat ng mga anak ng Dios na gumagawa ng tama: 1 Peter 3:13.

D. May katiyakan ng kaligtasan ang mga anak ng Dios na gumagawa ng tama: 1 John 2:29.

E. Hindi nabubuhay sa kasalanan o nananatili sa kamalian ang mga anak ng Dios: 1 John 3:6; 3 John 11b.

**Katapusan**:

1. Ang kasamaan na dapat iwasan ng mga Christiano ay ano mang bagay na mas mababa kaysa sa salita ng Dios.
2. Si Diotrephes ay ang pakay ng masamang halimbawa na huwag dapat tularan.
3. Ang paggawa at pagsunod sa matuwid ay ugali ng Christiano. Ito ay maaring sabihin na ebidensya ng tunay na kaligtasan.
4. Siya na gumagawa ng mabuti ay nakakita sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. Sapagkat ang nakakita sa Panginoong Jesus ay siya rin nakakita sa Ama (Jn. 14:9).